4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 2

Aralin

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC Baitang 4**
**Kuwarter 2: Aralin 1 (Linggo 1)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**
**Manunulat:** Ethel Ronquillo-Burgos
**Tagasuri:** John Carlo Mari Ramos

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagpapaunlad ng sariling kakayahan, talento, at hilig nang may paggabay ng pamilya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga pagpapaunlad ng mga sariling kakayahan, talento, at hilig na may paggabay ng pamilya bilang tanda ng tiwala sa sarili. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Naisasabuhay ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng paglahok sa mga programang pampaaralan na nagpapaunlad ng mga kakayahan, talento, at hilig nang may paggabay ng pamilya.<br>a. *Naiisa-isa ang mga sariling kakayahan, talento, at hilig ng isang bata na kailangang paunlarin nang may paggabay ng pamilya.*<br>b. *Naipaliliwanag na ang pagpapaunlad ng sariling kakayahan, talento, at hilig nang may paggabay ng pamilya ay nakapag-aangat ng tiwala sa sarili at kalooban upang gawin ang kaniyang mga tungkulin.*<br>c. *Nailalapat ang sariling pagpapaunlad ng mga sariling kakayahan, talento, at hilig nang may paggabay ng pamilya.* |
| **D. Nilalaman** | Pagpapaunlad ng Sariling Kakayahan, Talento, at Hilig nang may Paggabay ng Pamilya<br>a. *Kahulugan at Kahalagahan ng Kakayahan, Talento, at Hilig*<br>b. *Mga Uri ng Kakayahan, Talento, at Hilig*<br>c. *Mga Pamamaraan upang Mapaunlad ang Hilig, Talento, at Kakayahan Kasama ang Pamilya* |
| **E. Pagpapahalagang Lilinangin** | Tiwala sa Sarili (Self-confidence) |
| **F. Integrasyon** | Teorya ng *Multiple Intelligences* |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

- Del Castillo, F. A. (2013). *Teaching Values Using Creative Strategies*. Great Books Publishing.
- Howard Gardner's Theory on Multiple Intelligences. (n.d.). Retrieved from https://tophat.com/glossary/m/multiple-intelligences/#:~:text=Multiple%20intelligences%20refers%20to%20a,being%20in%20tune%20with%20nature
- Integrating Values in Lessons. (n.d.). Retrieved from http://www.seameo.org/_HVWSHEToolkit/img/nov29_integrating.html
- Tan, E. L. (1989). *The Clarification and Integration of Values.* Dorokelsa Enterprise.


<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA sa GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br>Panimulang Gawain<br><br>Pagbabalik-tanaw sa mga Natutuhan:<br>Alalahanin ang nakaraang aralin. Simulan ang bagong aralin sa pamamagitan ng mga gawaing ito:<br><br>SABI NIYA-SABI KO:<br>Humanap ng isang kapareha at ibahagi ang mga positibong pahayag sa harap ng<br>isa't isa sa pamamagitan ng pagpuno ng sumusunod na pangungusap.<br><br><table><tr><th>Sabi niya...</th><th>Sabi ko naman...</th></tr><tr><td>1. Ikaw ay mahalaga dahil…</td><td>Ako ay mahalaga dahil…</td></tr><tr><td>2. Ikaw ay mahusay sa…</td><td>Ako ay mahusay sa…</td></tr><tr><td>3. Kaya mong harapin ang anomang hamon</td><td>Kaya kong harapin ang anomang</td></tr></table>hamon dahil…     dahil…<br><br>SURI-SARILI: Matapos magpalitan ng pahayag, suriin ang sarili sa pamamagitan ng tseklist. Ilagay ang tsek (/) sa ilalim ng hanay na naglalarawan sa iyong sarili.</td><td>Sa bahaging ito, bubuksan ng guro ang aralin gamit ang mga nakatakdang gawain.<br>Mahalaga na matulungan ng guro ang mga mag-aaral na iproseso ang kanilang mga sagot sa pamamagitan ng pagtatanong.</td></tr>
</table>

Matapos sagutin ang tseklist, sagutin ang sumusunod na tanong:

1. *Ano ang positibong katangian na natuklasan mo sa iyong sarili?*
2. *Ano ang nararamdaman mo sa tuwing nagagawa mo kung ano ang iyong nais?*
3. *Bakit mahalaga ang tulong ng pamilya sa ating mga gawain?*

| **Mga Pahayag** | **Palagi** | **Minsan** | **Hindi** |
|---|---|---|---|
| 1. Nag-aaral akong mabuti at nag-eensayo upang maging mas magaling. | | | |
| 2. Sumusubok ako ng mga bagong gawain na nais kong gawin. | | | |
| 3. Iniisip ko na kaya kong gawin ang nais kong gawain. | | | |
| 4. Humihingi ako ng tulong sa aking magulang o kapatid kapag nahihirapan sa isang gawain. | | | |
| 5. Tinutulungan ako ng aking mga magulang o kapatid sa mga gawain kapag kailangan. | | | |

<table>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>Bilang paghahanda sa panibagong aralin, maaaring tanungin ang sumusunod bilang panimula:<br><br>1. May kilala ka bang tao na may kakaibang galing at kakayahan? Maaari mo bang ikuwento?<br>2. Ano ang kaniyang mga ginagawa upang maging magaling?<br>3. Ikaw, ano naman ang kakaibang kakayahan o galing mo? Maaaring ibahagi sa klase.<br><br>KWENTO-KWENTA.<br>Basahin ang kuwento ni Lucas at tingnan kung ano ang kaniyang kakaibang kakayahan. Alamin din kung paano siya naging matagumpay gamit ang kaniyang kakayahan.<br><br>Si Lucas at ang kaniyang Lapis<br>Pagkukuwento ni Ethel R. Burgos<br><br>Sa isang maliit na nayon ng Gara, naninirahan ang mag-asawang sina Lina at Mario kasama si Lucas, ang kanilang nag-iisang anak. Si Lucas ay isang matalino at mahusay na bata. Sa murang edad na siyam, palagi niyang dala-dala ang kaniyang lapis at papel upang iguhit ang kaniyang mga nakikita. Napansin ng kaniyang mga magulang ang hilig niya sa pagguhit. Kung kaya nagsikap ang mga ito na suportahan si Lucas sa pamamagitan ng pagbili ng mga gamit pangsining. Para maipadama sa anak ang kanilang suporta, palagi silang naglalaan ng oras upang pag-usapan ang mga gawang sining ni Lucas at kung paano sila makatutulong na mapaunlad pa ito. Isinasalaysay naman ng kaniyang nanay ang mga kuwento</td>
<td>Sa bahaging ito, inaasahang naintindihan na ng mga mag- aaral ang mensahe ng kuwento sa tulong ng mga tanong na ibibigay ng guro bilang pagpoproseso. Kinakailangang mahinuha ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagtukoy sa hilig, talento, at kakayahan.<br><br>Ilalahad din ng guro ang mga layunin para sa aralin.</td>
</tr>
</table>

tungkol sa mga kilalang artista sa larangan ng sining na may pinagdaanang hirap at tagumpay. Ang mga kuwentong ito ng ina ay nagbibigay sa kaniya ng determinasyon.


Maraming mga pagsubok ang hinarap ni Lucas. Dahil sa hirap din ng buhay, kung minsan ay hindi niya mabili ang mga bagay na angkop para sa kaniyang hilig sa pagguhit. May mga pagkakataon na kailangan niyang magtipid ng kaniyang baong pera para may maitabi para sa mga kagamitang kailangan niya sa kaniyang pagguhit. Dumating din ang mga sandaling naging mababa ang kaniyang tiwala sa sarili. Ngunit ang kaniyang mga magulang ay laging nariyan upang ipaalam sa kaniya ang kahalagahan ng kaniyang talento at ang pagmamahal nila sa kaniya anoman ang kaniyang marating. Ang hindi matitinag na suporta na ito ay nagbigay- lakas at tapang na magpatuloy.

Habang lumalaki si Lucas, patuloy na umuunlad ang kaniyang hilig at talento sa pagguhit. Dahil dito, naipagkaloob sa kaniya ang isang iskolarsyip sa isang prestihiyosong paaralan ng sining sa Amerika. Masayang-masaya ang kaniyang mga magulang sa parangal na tinanggap niya.

Lumipas ang maraming taon at nagsimulang kilalanin ang sining ni Lucas.
Ang kaniyang mga likha ay naging bahagi ng mga iba't ibang eksibit at siya ay naging isang kilalang mangguguhit. Nanatili naman sa kaniyang tabi ang kaniyang mga magulang sa buong paglalakbay niya. Siya ay nagtagumpay dahil sa kaniyang kahusayan at sa tulong, gabay, at pagmamahal ng kaniyang pamilya.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong batay sa kuwentong nabasa:

1. *Sino ang pangunahing tauhan sa kwento?*
2. *Ano ang kakayahang ipinakita ni Lucas sa kwento?*
3. *Ano ang gampanin ng kaniyang mga magulang upang mapaunlad pa ni Lucas ang kaniyang kakayahan?*

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Tuklasin ang Galing.**<br><br>Matapos tuklasin ang hilig at kakayahin na naipamalas ni Lucas, tuklasin naman ang sariling kakayahan. Isulat ang iyong mga hilig at kakayahan sa loob ng mga bilog. Matapos punan ang mga bilog, maaaring ibahagi ang mga sagot sa klase.<br> | Bago magsimula sa bahaging ito, balikan muna ang buod o kahulugan ng nabasang kuwento at masusing iproseso ito. Kasunod dito, tutulungan naman ng mga gawain sa bahaginig ito na matukoy ng mag-aaral na tukuyin ang kanilang sariling hilig, talento, at kakayahan.<br><br>Kinakailangang maipaunawa ng guro sa bahaging ito ang kahalagahan ng tiwala sa sarili<br><br>Sa bahaging ito, tatalakayin ng guro ang nilalaman ng aralin. Sa pagbibigay-pansin sa konsepto, mahalagang bigyang-diin din ng guro ang kahalagahan ng gabay ng pamilya upang mapaunlad ang sarili. Maaaring magkakaroon ng pagbabahagi ng mga pansariling karanasan. |

Pangprosesong Tanong:

1. *Ano-ano ang mga hilig, kakayahan, at talento at kakayahan ang tinutukoy ng kuwento?*
2. *Ano ang iyong naramdaman matapos mong matukoy ang mga ito?*
3. *Ano ang kahalagahan na alam natin ang ating mga hilig, talento, at kakayahan?*
4. *Bilang isang bata, ano ang kinakailangan mong isaisip upang mapaunlad mo pa ang iyong mga hilig, talento, at kakayahan?*
5. *Paano mo pa maaaring mapaunlad ang mga ito?*

**Hilig, Kakayahan, at Talento: Paunlarin sa Gabay ng Pamilya**

Ang lahat ng tao ay may likas na kakayahan na dapat paunlarin. Mahalaga para sa isang bata na matuklasan niya ang kaniyang mga hilig, kakayahan, at talento upang mapaunlad niya ang kaniyang sarili. Ano nga ba ang mga ito?

- **Hilig**
  Ang hilig ay ang pagkakaroon ng pagkagusto o pagnanasa sa isang tiyak na larangan o gawain. Ang bawat bata ay maaaring iba't iba ang hilig gawin.

- **Kakayahan**
  Ang kakayahan ay mga kilos o kasanayan na natututuhan sa pamamagitan ng edukasyon, pagsasanay o karanasan. Sa pamamagitan ng patuloy na pag- aaral nang mabuti, maraming kasanayan ang puwedeng mapaunlad.

- **Talento**
  Ang talento ay mga natatanging kakayahan na mayroon ang isang tao na naisagawa niya nang magaling.

**Kahalagahan ng Pagtuklas sa Hilig, Kakayahan, at Talento**

| | | |
|---|---|---|
| | Maraming mabuting dulot ang pagtuklas at pagpapaunlad sa mga hilig talento at kakayahan. Ilan dito ay an mga sumusunod:<br>1. Nakakatulong ito sa pagkilala ng sarili.<br>2. Nakapagpapalakas ito ng tiwala sa sarili.<br>3. Nakakatulong ito sa pamilya at pamayanan.<br>4. Nakapagbibigay ito ng kasiyahan<br>5. Nakakatulong sa pagpili ng nais na trabaho o karera sa hinaharap.<br>6. Nagdudulot ito ng positibong pagtingin sa sarili at inspirasyon.<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**Iba't Ibang Uri ng Talino at Kakayahan**<br><br>Ayon kay Howard Gardner, may iba't ibang uri ng talino at kakayahan. Maaaring ang iyong kakayahan ay nabibilang sa isa sa mga ito. | |

| Talino at Kakayahan | Halimbawang Kakayahan |
|---|---|
| • **Talinong Pangwika** | ☐ pagsusulat<br>☐ pakikipagtalastasan o pakikipag-usap<br>☐ pag-unawa sa mga babasahin |
| • **Talinong Lohikal-Matematikal** | ☐ pag-iisip at pagbuo ng solusyon<br>☐ pagbibilang at pagtutuos ng mga numero<br>☐ paglutas ng mga suliranin |
| • **Talinong Pangbiswal** | ☐ pagguhit<br>☐ pagpipinta<br>☐ pagbuo ng iba't ibang bagay o mga likhang sining |
| • **Talinong Pangkatawan at Kinestetik** | ☐ pagsasayaw<br>☐ paglalaro ng isports<br>☐ pag-eehersisyo at mga pisikal na gawain |
| • **Talinong Pangmusika** | ☐ paggamit ng mga instrumentong pangmusika<br>☐ pagkanta<br>☐ pagbabasa at pagkabisa ng mga nota o mga awit |
| • **Talinong Intrapersonal** | ☐ pagkilala sa emosyon<br>☐ pag-unawa sa nararamdaman<br>☐ paglalahad ng saloobin |
| • **Talinong Interpersonal** | ☐ pakikipag-usap sa iba<br>☐ pakikipagtulungan sa ibang tao<br>☐ pakikinig at pag-unawa sa nararamdaman ng iba |
| • **Talinong Pangkalikasan** | ☐ pagtukoy ng iba't ibang bagay sa kapaligiran<br>☐ pagtukoy ng iba't ibang hayop at halaman<br>☐ pag-aalaga sa mga hayop at halaman |
| • **Talinong Eksistensiyal** | ☐ pagpapaliwanag sa iba't ibang bagay<br>☐ pagpapahayag ng opinyon sa mg usapin<br>☐ pagsasaliksik ng mga paliwanag sa mga bagay |

| | | |
|---|---|---|
| | **Mga Paraan sa Pagpapaunlad ng Hilig, Talento, at Kakayahan sa Tulong ng Pamilya**<br><br>Mahalaga ang patuloy na pagpapahusay ng sarili upang umunlad ang hilig, talento, at kakayahan. Mainam din na may paggabay at suporta mula sa pamilya. Maaaring isagawa ang sumusunod:<br><br>- Alamin kung ano ang nais gawin at kung saan ka magaling.<br>- Magsanay nang mas madalas upang mahasa ang kakayahan.<br>- Maaaring humingi ng payo at tulong mula sa magulang, kapatid, o sa guro.<br>- Humanap ng inspirasyon o idolo upang mahikayat ang sarili na magsanay.<br>- Maging matiyaga at huwag agad susuko kapag nahihirapan sa gawain.<br>- Ibahagi ang talento at kakayahan sa iba upang ito ay mas umunlad.<br>- Maging mapagkumbaba.<br><br>Balikan ang mga sariling hilig, talento, at kakayahan na naitala sa nakaraang gawain. Isulat ito sa unang kolum. Sa ikalawa at ikatlong kolum isulat naman ang paraan kung paano pa ito mapapaunlad at kung paano makakatulong ang pamilya sa pagpapaunlad. | |

| Hilig, Talento o Kakayahan | Pansariling Paraan ng Pagpapaunlad | Paraan ng Pagpapaunlad kasama ang Aking Pamilya |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| Iba pang kakayahan na hindi naitala sa nakaraang gawain:<br><br>5. | | |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**SITWASYONAL NA PAGSUSURI:**<br>Basahin ang sumusunod na sitwasyon at magbigay ng iyong sariling mungkahi kung paano mapapaunlad ang mga nabanggit na talento at kakayahan.<br>1. Ikaw ay mahilig sa paglalaro ng basketbol. Ano ang gagawin mo upang ikaw ay gumaling pa?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>2. Ikaw ay isang magaling na manunulat. Ano ang mga hakbang na maaari mong gawin upang mapabuti pa ang iyong pagsusulat?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>3. Ang iyong talento sa pag-awit ay kahanga-hanga. Ano ang mga hakbang na maaari mong gawin upang lalo pang mapabuti ang iyong boses at pagganap sa pag-awit?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>4. Ikaw ay isang mahusay na estudyante. Paano mo maaaring mapanatili ang iyong mataas na antas ng pag-aaral?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>5. Ikaw ay isang mahusay na mananayaw. Paano mo mapapabuti pa ang iyong kakayahan sa pagsayaw? | Ang mga nakapaloob na kaisipan at kaalaman ay makakatulong sa pagpapalawak ng pag-unawa at kakayahang magnilay ng mga mag-aaral. |

| | | |
|---|---|---|
| | **PRINSIPYO-PROSESO**<br><br>Pagnilayan ang mga natutuhan sa aralin. Ilahad ito sa pamamagitan ng pagbuo ng mga pangungusap.<br><br>1. Ang kakayahan o talento ay...<br>____________________<br>2. Sa kasalukuyan, ako'y naniniwala na ako ay may natatanging kakayahan sa...<br>____________________<br>3. Ito ay aking papalaguin sa pamamagitan ng...<br>____________________<br>4. Matutulungan ako ng aking mga magulang na palaguin ito sa pamamagitan ng...<br>____________________ | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **AKSIYON-DESISYON**<br><br>**A. Pagsusulit**<br><br>Punan ng mga salita batay sa paksang natutuhan. Piliin ang tamang sagot sa mga salita sa kahon. | Ang bahaging ito ay naglalaman ng pagtataya at karagdagang gawain upang mapaunlad pa lalo ng mag- aaral ang kanilang pagkatuto. |

| | | |
|---|---|---|
| | KAKAYAHAN MAGSANAY PAMILYA<br>PAUNLARIN PAYO o TULONG<br><br>1. Ang ___________ ay mga kilos o kasanayan na natutuhan sa pamamagitan ng edukasyon, pagsasanay, o karanasan.<br><br>2. Ang ating mga ________________________________ay maaaring magsilbing gabay sa pagtuklas ng mga interes ng bawat isa.<br><br>Ang ating mga kakayahan o talento ay mahalaga kaya dapat natin itong _________________________________________.<br><br>4. Upang mahasa pa ang kakayahan o talento, kinakailangang ________________ nang madalas.<br><br>5. Matutong humingi ng ____________________mula sa magulang, nakatatandang kapatid o sa guro para mapaunlad ang kakayahan o talento.<br><br>**B. Pakikipagpanayam *(Guided Interview)***<br><br>Gumawa ng isang panayam sa isang taong may taglay na kakaibang kakayahan o talento na kilala mo sa iyong pamilya o komunidad. Huwag kalimutang humingi muna ng pahintulot sa kakapayanamin o sa mga iba pang tao kaugnay niya kung | Tamang sagot:<br>1. KAKAYAHAN<br>2. PAMILYA<br>3. PAUNLARIN<br>4. MAGSANAY<br>5. PAYO O TULONG |

kinakailangan. Narito ang mga tanong na maaaring gamitin para sa panayam:

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| ▢ Pangalang ng taong kakapanayamin: | |
| ▢ Ano ang iyong natatanging talento o kakayahan? | |
| ▢ Paano mo natuklasan ang iyong talento? | |
| ▢ May naranasan ka bang mga problema o mga hadlang sa pagtupad nito? Ano ano ang mga ito? | |
| ▢ Papaano mo pinaunlad o hinubog ang iyong talento? | |
| ▢ May mga tao bang tumulong o gumabay sa iyo sa pagpapaunlad o paghubog ng iyong talento? Sino-sino sila at paano ka nila tinulungan? | |
| ▢ Ano ang mga payo mo para sa iba na nagnanais ring mapaunlad ang kanilang mga talento? | |

Pangalan ng Taong Kinunan ng Panayam at Lagda:

____________________________________________

Pangalan ng Tagapanayam at Lagda:

___________________________________________

*Rubric* **para sa Pakikipagpanayam (Guided Interview)**

| Pamantayan | Marka |
|---|---|
| **Pagkalap ng Mahalagang Impormasyon** *(Kompleto at nasagot lahat ang mga tanong.)* | 1-------2-------3-------4--- 5 |
| **Kalidad ng Gawa** (*Malinaw at detalyado ang naging panayam.)* | 1-------2-------3-------4--- 5 |
| **Masusing Pag-unawa at Pagsusuri** *(Naunawaan ang nakolektang impormasyon.)* | 1-------2-------3-------4--- 5 |

**Kabuoang Marka:**

- ▢ 13-15 Napakagaling!
- ▢ 9-12 Magaling!
- ▢ 8-11 Medyo Magaling!
- ▢ 4-7 Galingan pa!

- 3-pababa Mas galingan pa!

**C. Takdang Aralin:**

**Paglikha ng Liham**. Sumulat ng liham para sa iyong mga magulang o pamilya upang ipahayag ang pasasalamat at paghingi ng suporta para sa pagpapaunlad ng iyong hilig, kakayahan, o talento.

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag- aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>▪ Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td></tr>
</table>